

Advisory No. 148, s. 2019

Setyembre 5, 2019

In compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013
this advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.

(Visit www.deped.gov.ph)

IKA-44 PAMBANSANG KUMPERENSIYA SA SIKOLOHIYANG PILIPINO NG PAMBANSANG SAMAHAN SA SIKOLOHIYANG PILIPINO

Ang Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PSSP), katuwang ang Departamento ng Sikolohiya ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman, ay magdaraos ng ika-44 Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino na may temang, Ang Pinoy bilang *Netizen: Ang Papel ng Social Media at Digital Technology* sa Kultura, Lipunan at Sikolohiyang Pilipino, na gaganapin sa Nobyembre 14–15, 2019 sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman, Lungsod Quezon.

Layunin ng pambansang kumperensiya ang mga sumusunod:

1. masuri ang papel ng *social media* at *digital technology* sa iba't ibang aspekto ng buhay Pilipino;
2. matalakay ang papel ng *social media* at *digital technology* sa pagsusuri ng lipunan, kultura, at sikolohiyang Pilipino;
3. magtampok ng mga bagong pananaliksik sa kultura, lipunan, at sikolohiyang Pilipino; at
4. magbahagi ng mga kaalaman at kasanayan sa sikolohiyang Pilipino.

Inaanyayahang dumalo sa kumperensiya ang mga kinatawan mula sa tanggapang sentral at panrehiyon ng Kagawaran ng Edukasyon, pansangay na tagapamanihala/tagamasid pampurok ng mga paaralang publiko, mga guro at *guidance counselor* sa mga paaralang publiko at pribado, mga iskolar, mga manunulat, at iba pang may interes sa *social media* at *digital technology*.

Ang partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pamprivadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nakasaad sa *DepEd Order No. 9, s. 2005* na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith*.

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa mga sumusunod:

- Dr. Jose Antonio R. Clemente, *Conference Convenor*
- Prop. Jay A. Yacat, *Conference Convenor*
- G. Kenneth Carlo L. Rives, PSSP Sekretaryat
4A Alcala Building 285 Katipunan Avenue
Loyola Heights, Lungsod Quezon
Telefax: (02) 434-7973
Mobile: 0922-875-1440, 0916-211-497
Email: sekretaryat@pssp.org.ph, pssponline@gmail.com
Facebook: <https://www.facebook.com/sulongpssp>
Facebook Group: <https://www.facebook.com/groups/pssponline>